**Kawíng 1.2 (2017): 94-96**

# Ang Sagot ay Nasa Paglaban

***(bersyong Filipino ng “Blowin’ in the Wind” ni Bob Dylan)***

**Joel Costa Malabanan**
Philippine Normal University, Manila
tatgulong@yahoo.com

~~~

Ilang adik pa ang dapat mapaslang
Sa ngalan ng katarungan?
Ilang buhay pa ang dapat masayang
Sa ngalan ng kapayapaan?
Ilang bundok pa ang dapat patagin
Upang bansa’y paunlarin?

Ang sagot kaibiga’y wala sa hangin lang
Ang sagot kaibiga’y nasa paglaban

Anong aral pa ang dapat makamtan
Upang tayo’y matauhan?
Ilang masaker pa ang dadanasin
Upang diwa ay gisingin?
Ilang Lumad pa ang dapat mapaslang
Bago sila mapakinggan?
~~~

Ang sagot kaibiga'y wala sa hangin lang
Ang sagot kaibiga'y nasa paglaban

Ilang rali pa ang dapat itanghal
Upang mamulat ang hangal?
Ilang minahan ang dapat pigilan
Upang katutubo'y damayan?
Ilang daing pa ang dapat isigaw
Upang paglaya'y matanaw?

Ang sagot kaibiga'y wala sa hangin lang
Ang sagot kaibiga'y nasa paglaban

Ilang bangkay pa ng OFW
Ang kailangang iuwi dito?
Ilang Pinoy pa ang dapat lumisan
Magpaalipin sa bansang dayuhan?
Ilang dasal pa ang dapat usalin
Upang ang baya'y gisingin?

Ang sagot kaibiga’y wala sa hangin lang

Ang sagot kaibiga’y nasa paglaban

**Tungkol sa May-akda:**

**JOEL COSTA MALABANAN**

Makata at musikerong guro. Kasalukuyan siyang full time propesor ng Filipino sa Fakulti ng mga Wika at Sining dito sa Philippine Normal University. Nagtapos siya ng kolehiyo sa Cavite State University at nakakumpleto naman ng kanyang digring Master sa Sining sa Wika at Panitikan sa Filipino sa De La Salle University, Taft Avenue. Bilang makata, nagkamit siya ng Ikatlong Karangalang Banggit sa Talaang Ginto 2010 na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino at nagkamit ng unang karangalan sa DALITEXT, isang patimpalak sa paglikha ng tula gamit ang cellphone na inisponsor ng NCCA noong 2003. Nagwagi rin siya sa DIONA Kontra-Depresyon na pinamahalaan ng Foundation for Advancing Wellness and Talents (Awit) noong Nobyembre, 2012. Nagwagi rin siya sa Diona Para kay Apolinario Mabini sa Tulaan sa Facebook noong Pebrero, 2014. Naging grandprize winner siya ng DALITEXT tungkol sa climate change na inisponsor ng United Nation Information Center noong Oktubre 2014. Kasapi rin siya ng samahang Tanggol Wika na nananawagang papanatilihin ang pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo. Noong Agosto 23, 2014 ay matagumpay siyang nakapagkonsiyerto sa Rizal Park tampok ang 15 niyang komposisyon para sa programang “Mga Himig at Tula para sa mga Bayani” at sa ika-151 taong kaarawan ni Andres Bonifacio noong Nobyembre 30, 2014.